Para sa mga Magulang

Ang seksyong ito ay pinaunlad ni Sue Anderson, Cathy Sly and Rob Tebble mula sa Barrenjoey High School. Ginamit nila ang kanilang mga pinagsama-samang karanasan bilang mga guro, mga tagapayo at magulang ng mga mag-aaral sa Year 12 at tagapayo sa karera.

Ang seksyon ay nahahati sa:

Pagtatasa (Assessment)
Pangangalap ng impormasyon (Information gathering)
Paghahanda para sa mga iksamen (Getting ready for the examinations)
Pamumuhay na kasama ang isang mag-aaral ng HSC (Living with an HSC student)
Mga patakaran ng pag-aaplay sa tersiyaryong pag-aaral (Application procedures for tertiary study)
Mga resulta (Results)
Ang buhay pagkatapos ng HSC (Life after the HSC)

Panimula (Introduction)

Hindi lamang ang mga mag-aaral ang makapagsasabing ang taon sa HSC ay nakakapagod at mahirap na panahon. Sa pakikipagpanayam sa mga mag-aaral, guro at magulang, naimungkahi na ang mga kasamahan sa pamilya ay nangangailangan din ng suporta sa panahon ng HSC. Gusto nilang makatulong ngunit kalimitang nangangamba na baka lumabas na sila ay nanghihimasok.

Ito ang kalimitang taon na kung saan, dagdag pa sa pagkuha ng iksamen sa HSC, ang Year 12 na mag-aaral ay maaaring:

- mawalan ng gana sa pagpasok
- walang mga plano pagkatapos ng HSC
- magkaroon ng isang masidhing relasyon sa isang kasintahang babae o lalaki
- magkaroon ng lisensya sa pagmamaneho
- mag-eksperimento sa bawal at hindi bawal na mga gamot
- magkaroon ng di-buong oras na trabaho
- maging miyembro ng isang koponan sa isport
- magkaroon ng sakit kaugnay ng pagkain
- dumanas ng depresyon.

Ang lahat nang ito ay mga komplikasyong nagdudulot sa mga magulang at tagapag-alaga ng karagdagang pag-aalala. Napakamahalagang alam ninyong hindi kayo nag-iisa. Ang *Para sa mga Magulang (For Parents)* ay nagbibigay ng impormasyon para sa mga tao at ahensyang mahihingan ninyo ng tulong tungkol sa mga isyung pampersonal, pang-akademika o pang-karera.

Ang seksyong ito ng *NSW HSC Online* ay naglalayong makatulong sa mga magulang at mga kasambahayan na magkaroon ng pag-unawa sa :

- ano ang napapaloob sa iksamen sa HSC
- saan makakakuha ng kinakailangang impormasyon
- paano susuportahan ang isang mag-aaral na nasa Year 12
- paano maghanda hindi lamang sa pinal na iksamen kundi pati na sa pagkatapos ng HSC.

*** Pakitandaan na ang impormasyon sa nakaugnay na mga 'web site' ay nasa wikang Ingles maliban kung iba ang isinasaad.**

Pagtulong sa inyong mag-aaral na nasa Year 12 na makatapos ng HSC (Helping your Year 12 student through the HSC)

Ang sumusunod ay bahagi ng isang talumpating binigkas ni Richard Cracknell, Tagapayo at Tagapatnubay na Opisyal ng Distrito (Counsellor and District Guidance Officer), sa isang gabi ng mga magulang ng mga mag-aaral sa Year 12 sa Inverell.

Ang pinakamalinaw na mga uri ng suportang maibibigay ng isang magulang ay ang mga praktikal, pisikal na mga bagay.

- Maglaan ng isang maayos na lugar na magagamit sa pag-aaral. Dapat ay tahimik ito at malayo sa mga kaguluhan gaya ng TV, mga telepono at pag-uusap. Ito ay dapat na may magandang temperatura at magandang daloy ng hangin, maayos na ilaw at sapat na espasyo para sa mesa o desk.
- Magbigay ng mahusay, balanseng mga pagkain.
- Tumulong na magkaroon ng makatwirang oras ng pagtulog at regular na ehersisyo.
- Tumulong na magkaroon ng katamtamang pagdalo sa magabihang mga pagtitipon at pagkonsumo ng alak.

Bukod pa sa magandang pisikal na kapaligiran, mahalaga ring magdulot ng emosyonal na pag-unawa.

- Maging mapag-alalay at mapagpasigla.
- Pangibabawin ang mga kalakasan at tagumpay. Himukin ang inyong anak na isiping ang mga pagkakamali ay bagay na makukunan nila ng aral at magagawan ng pagtutuwid.
- Alalahaning ang mga mag-aaral ay makakaramdam ng matinding paghihirap kahit na hindi ninyo nakikita. Maraming mga mag-aaral ang nangangambang mabigyan ng kahihiyan ang pamilya kaya iwasan ninyong umasa sa mga hindi nila kayang abuting hangarin. Ang ilang mga mag-aaral ay may pangambang hindi nila makakayang pantayan ang nagawa ng mga kapatid na babae o lalaki o kamag-anak. Mayroon ding iba pang pangambang kagaya ng paglisan sa tahanan at pag-

iwan sa mga kababatang kaibigan at ang posibilidad na kailangang manirahan sa isang bagong lugar na hindi nila nakasanayan.

- Normal para sa mga taong nasa matinding paghihirap na maging lubhang maramdamin at emosyonal at mainitin ang ulo paminsan-minsan kaya iwasan ang labis na reaksyon kung mangyari nga ang ganoon.
- Iwasan ang mga pagtatalo tungkol sa mga maliliit na bagay gaya ng naiwang nakasindi ang mga ilaw, naiwang walang takip ang 'toothpaste' at ang hindi pagtulong sa gawaing bahay.
- Huwag matakot kung sasabihin nila sa kinagabihan bago ang iksamen na wala silang nalalaman. Muling magbigay-tiwala sa kanila at sabihin na alam ninyong ginagawa nila ang pinakamahusay sa abot ng kanilang makakayanan.
- Iwasang paulit-ulit na utusan ang mag-aaral na gumawa ng mga bagay. Magbigay lamang ng paminsan-minsang mahinay na paalala.
- Bigyan ng muling-tiwala ang mag-aaral. Kung mayroon kayong mga pag-aalinlangan, sarilinin ninyo na lamang ang mga ito.
- Maging makatotohanan sa inyong mga pag-aasam kung saan hahantong ang HSC. May mga mag-aaral ng HSC na hindi magpapatuloy sa unibersidad ngunit makakakita naman ng ginantimpalaan at masiglang pamumuhay at mga pagkakataon sa trabaho.
- Himukin ang inyong anak na humingi na tulong sa mga guro o tagapayo ng paaralan kung siya ay nahihirapan sa mga asignatura, pag-oorganisa ng pag-aaral o tensiyon o pangamba sa mga iksamen.
- Hayaang di gumawa ang inyong anak ng ilang gawaing bahay kung lumalaki ang pangangailangan sa pag-aaral.
- Himuking magkaroon ng makatwirang panimbang sa pagitan ng gawain at pamamahinga. Ang isang mahusay na programa sa pag-aaral ay may kasamang mga planong pamamahinga. Ang buong pamamahinga nang mga ilang araw ay maaaring siyang tunay na kinakailangan ng mag-aaral kung minsan.
- Maging interesado sa kung ano ang ginagawa ng inyong anak ngunit kung pinapayagan lang kayo. Huwag manghimasok.
- Alalahaning magsabi paminsan-minsan na mahal ninyo siya at yakapin ang inyong anak.

Dahil nasabi na ang lahat ng ito:
Huwag magdamdam kung kayo ay nakapagbunganga o nagreklamo tungkol sa inyong anak na may panahong pumunta sa mga pagtitipon para sa kaarawan ngunit walang oras na tumulong sa paghuhugas ng mga pinggan. Kayo ay tao lamang at paminsan-minsan kayo rin ay makakaramdam ng hirap sa Year 12 kagaya ng nararamdaman ng inyong anak.

Pangwakas:
Hindi maiiwasan na ang ilang mga mag-aaral o magulang ay mabibigo kung ang mga resulta ng HSC ay dumating na at ang mag-aaral ay hindi naabot ang mga resultang inaasahan, lalo na ang pagtungo sa pag-aaral ng tersiyaryo. Kung ito ay magaganap sa inyong pamilya, ang mga sumusunod ay makakatulong:

Ang edukasyong tersiyaryo ay hindi lamang ang daan patungo sa isang matagumpay at ganap na pamumuhay. Isipin na lang kung gaano ang naranasan ng bata sa kanilang paglaki at gaano sila lalong handa sa paglabas sa mundo kung ihahambing sa nakaraang dalawang taong nakalipas.

Kung ang bata ay talagang desididong mag-aral sa tersiyaryo, marami pang ibang pamamaraan upang marating iyon. Ang dami ng matagumpay na nasa-edad na mag-aaral ay higit na mataas kaysa sa mga mag-aaral na dumiretsong nag-tersiyaryo.

Ang pahayag na ito ay unang inilabas noong 1989. Sa ngayon, ang mga mag-aaral at magulang ay nahaharap sa mga paghamon ng isang New HSC ngunit ang mga komentaryo sa itaas ay nananatiling nababagay pa rin sa ngayon katulad noon.

Balik sa Panimula (Return to Introduction)

Ang site ng The NSW HSC Online© ay saklaw ng mga responsibilidad na nakasaad sa pagtatatwa (disclaimer) ▸ .